Washington State Department of Social & Health Services
CA Children's Administration

CHILDREN'S ADMINISTRATION
FAMILY ASSESSMENT RESPONSE

Kasunduan sa Pakikilahok ng Pamilya

Family Participation Agreement

Ito ay kasunduan sa pagitan ng Pangasiwaan Para sa mga Bata (Children's Administration o CA) at ng _____ pamilya. Gustong makipagtulungan sa akin ang Pangasiwaan Para sa mga Bata upang mapanatiling ligtas ang aking mga anak.

Ipinaliwanag ng case worker ng Pangasiwaan Para sa mga Bata ng aking mga anak ang pagkakaiba sa pagitan ng isang Pagtugon sa Pag-assess sa Pamilya (Family Assessment Response o FAR) at ng isang imbistigasyon at binigyan ako ng kopya ng brochure ng FAR. ☐ Oo ☐ Hindi

_____ MGA INISYAL _____ MGA INISYAL

Naunawaan ko na mayroong ulat tungkol sa kaligtasan ng aking anak na nangangailangan ng isang pagtugon na Serbisyo sa Proteksyon ng Bata (Child Protective Services o CPS). Maaari akong pumili kung makikilahok sa FAR o sa Imbistigasyon, at ginawa ko ang sumusunod na pagpili:

☐ **Sumasang-ayon ako** na makilahok sa programa ng Pagtugon sa Pag-assess sa Pamilya. Nauunawaan kong nangangahulugan ito na ang Pangasiwaan Para sa mga Bata ay hindi gagawa ng desisyon tungkol sa kung naabuso ba o napabayaan ang aking anak. Nauunawaan ko rin na ibabahagi lamang ang mga record ng aking pakikilahok sa programa ng Pagtugon sa Pag-assess sa Pamilya sa mga tagapagbigay ng serbisyo sa labas ng DSHS kung sasang-ayon ako sa paglalabas ng impormasyon ito, o kung mag-apply ako na maging isang lisensyadong foster o umampong magulang.

_____ MGA INISYAL _____ MGA INISYAL

O

☐ **Hindi ako sumasang-ayon** na makilahok sa programa ng Pagtugon sa Pag-assess sa Pamilya. Nauunawaan ko na nangangahulugan ito na ang aking usapin ay itatalaga para sa isang Imbistigasyon. Nauunawaan kong magpapasya ang Pangasiwaan Para sa mga Bata kung inabuso ko ba o pinabayaan ang aking anak. Nauunawaan ko rin na maaaring ibahagi sa iba ng DSHS ang impormasyon tungkol sa nasabing imbistigasyon kung sumasang-ayon ako na ilabas ito, kung hihiling ako ng pag-apruba sa pangangalaga para sa mga bata o mga adultong nasa alanganing kalagayan, o kung hihilingin ng batas na mailabas ang impormasyon ito.

_____ MGA INISYAL _____ MGA INISYAL

Maaari akong humiling anumang oras para sa isang pagpupulong ng pamilya upang pag-usapan ang tungkol sa aking usapin. Ang mga taong maaaring makasama sa (mga) pagpupulong ng aking pamilya ay: ako, mga anak ko, iba pang mga miyembro ng pamilya, mga kaibigan, mga Tribal Representative, mga miyembro ng komunidad, mga tagapagbigay-serbisyo, kawani ng Pangasiwaan Para sa mga Bata at iba pang nais kong imbitahin.

Nauunawaan kong kumontrata ang Pangasiwaan Para sa mga Bata sa isang tagasuri na walang kaugnayan sa kanila upang i-assess ang Pagtugon sa Pag-assess sa Pamilya, at na ang bahagi ng pagsusuring iyon ay kinabibilangan ng isang boluntaryong survey ng pagkanasiyahan.

Ako ay sumasang-ayon na maaaring ibahagi ng Pangasiwaan Para sa mga Bata ang aking impormasyon sa pakikipag-uganayan sa contractor na ito para sa survey ng pagkanasiyahan.

☐ Oo ☐ Hindi _____ MGA INISYAL _____ MGA INISYAL

PIRMA NG MAGULANG / CAREGIVER	PETSA	ISULAT DITO ANG PANGALAN SA MALALAKING TITIK
PIRMA NG MAGULANG / CAREGIVER	PETSA	ISULAT DITO ANG PANGALAN SA MALALAKING TITIK
PIRMA NG CASEWORKER	PETSA	NUMERO NG TELEPONO (KABILANG ANG AREA CODE)
ISULAT DITO ANG PANGALAN SA MALALAKING TITIK		

Original to case worker; Copy to parent